



PATNUBAY SA MISA



20 Disyembre 2017

SIMBANG GABI – Ikalimang Araw

Taon B

Ang Diyos na Ibig Mapasaatin

Naniniwala tayo sa isang Diyos na totoong kabahagi natin sa ating buhay at sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ang Kanyang pakikiisa sa buhay rito sa ating planeta ay umabot sa karurukan sa Pagkakatawang-tao ngunit di nagwakas sa Pag-akyat sa Langit. Si Hesus ay patuloy pa ring “Emmanuel,” o “ang Diyos sa piling natin.” Siya ang ating Kuya, kasama sa paglalakbay, guro, kapwa, at “partner.” At ito ay dahil si Mariang Kabanal-banalan, noong may 2,000 taon nang nakalilipas sa Nazaret, ay pumayag na maging kanyang masuyo at tapat na ina.

Habang lalo tayong puspulang naghahanda para sa paggunita sa kapanganakan ni Hesus, buhayin nating muli ang ating pananalig na siya’y lagi nating kapiling. Nasa bukana siya ng ating mga puso at naghihintay na patuluyin natin. Buksan natin ang ating mga puso para sa kanya habang naghahanda tayo sa pagsisimula ng pagdiriwang natin ng Eukaristiya ngayong ikalimang araw ng ating Simbang Gabi.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Isang supling ang sisilang mula kay Jesse lilitaw. Kaningningan ng Maykapal sa lupa’y mangingibabaw at maliligtas ang tanan.

Pagbati

P – Ang kapayapaan at pag-ibig ng Diyos na nagsugo ng Kanyang anghel kay Mariang Kabanal-banalan ay sumainyo.
B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P – Sa harap ni Mariang ating inang napupuno ng grasya, tanggapin natin ang ating pagiging di-karapat-dapat at ang pangangailangan nating mapatawad sa ating pagkakasala. (Manahimik sandali.)

P – Panginoong Hesus, ikaw ang Anak ng Diyos Ama at ni Mariang Birhen. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Panginoong Hesus, ikaw ay nilalang sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P – Panginoong Hesus, walang hanggan ang iyong paghahari. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak

ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, ang iyong Salitang nananahan sa iyong kaibuturan ay dinala sa sinapupunan ng Birheng kalinis-linisan noong tanggapin niya ang Mabuting Balitang hatid ng anghel at siya’y lukuban ng Espiritu Santo bilang iyong tahanan. Katulad ng Mahal na Birhen, matanggap nawa naming mapagpakumbaba na sundin ang loob mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 7:10-14

Ang Propesiyang Emmanuel, na ipinahayag ng propetang si Isaias sa gitna ng krisis sa Kaharian ng Juda, ay isa sa pinakakilalang sipi tungkol sa Mesiyas sa Matandang Tipan. Para sa Simbahan, iyon ay isang propesiya ng paglililihi ng isang birhen at pagsisilang kay Hesus ni Mariang Kabanal-banalan.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Noong mga araw na iyon, ipinababi ng Panginoon kay Acaz: “Humingi ka sa akin ng palatandaan, maging sa kalaliman ng Sheol o sa kaitaasan ng langit.” Sumagot si Acaz: “Hindi po ako hihingi. Hindi ko susubukin ang Panginoon.” Sinabi ni Isaias: “Pakinggan mo, sambayanan ni David, kulang pa ba ang galitin ninyo ang mga tao, na pati ang aking Diyos ay inyong niyayamot? Kaya nga’t ang Panginoon na rin ang magbibigay ng palatandaan: maglililihi ang isang dalaga at mangananak ng lalaki at ito’y tatawaging Emmanuel.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 23

B—Ang Panginoon’y darating, s’yay’y dakilang Hari natin!

R. M. Velez



* Ang buong daigdig, lahat ng naroon, may-ari’y ang Diyos, ating Panginoon; ang mundo’y natayo at yaong sandiga’y ilalim ng lupa, tubig kalaliman. B.

* Sino ang marapat umahon sa burol, sa burol ng Poon, sino ngang aahon? Sino’ng papayagang pumasok sa templo, sino’ng tutulutang pumasok na tao? Siya, na malinis ang isip at buhay, na hindi sumamba sa diyus-diyusan; tapat sa pangako na binibitiwan. B.

* Ang Panginoong Diyos, pag-

papalain siya, ililigtas siya’t pawalang-sala. Gayon ang sinumang lumalapit sa Diyos, silang lumalapit sa Diyos ni Jacob. B.

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!

Halina, Susi ni David, binubuksan mo ang langit upang kami ay masagip.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 1:26-38

Ang Pagpapahayag ay siyang naghuhudyat sa pagsisimula ng katuparan ng Propesiyang Emmanuel ni Isaias. Sa kanyang pag-ayon sa plano ng Diyos, si Mariang Kabanal-banalan ay birheng naglihi at magsisilang sa matagal nang hinihintay na Mesiyas.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Nang ikaanim na buwan na ng pagdadalantao ni Elisabet, ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazaret, Galilea, sa isang dalaga na ang pangala’y Maria. Siya’y nakatakdang ikasal kay Jose, isang lalaki buhat sa lipi ni Haring David. Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, binati niya ito. “Matuwa ka! Ikaw ay kalugud-lugod sa Diyos,” wika niya. “Sumasaiyo ang Panginoon.” Nagulumihan si Maria sa gayong pangungusap, at inisip niyang mabuti kung ano ang kahulugan niyon. Kaya’t sinabi sa kanya ng anghel, “Huwag kang matakot, Maria, sapagkat kinalulugdan ka ng Diyos. Makinig ka! Ikaw ay maglililihi at mangananak ng isang lalaki, at siya’y tatawagin mong Hesus. Magiging dakila siya, at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang kanyang paghahari ay walang hanggan.”

“Paanong mangyayari ito, gayong ako’y dalaga?” tanong ni Maria. Sumagot ang anghel, “Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Kaya’t banal ang ipanganganak mo at tatawaging Anak ng Diyos. Natatandaan mo ang iyong kamag-anak na si Elisabet? Alam ng lahat na siya’y baog, ngunit naglihi siya sa kabila ng kanyang katandaan. At ngayo’y ikaanim na buwan na ng kanyang pagdadalantao – sapagkat walang

hindi mapangyayari ang Diyos.”

Sumagot si Maria, “Ako’y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi.” At nilisan siya ng anghel.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P—Si Hesus ay siya nating “Emmanuel,” “ang Diyos sa piling natin.” Ang kanyang pagiging kapiling natin ay bukal ng kasiyahan at lakas. Ipagkatiwala natin sa kanya ang ating mga alalahanin at pag-asa habang nananalangin tayong:

B—Panginoong Hesus, makapiling ka nawa namin!

* Panginoong Hesus, lumagi ka nawa sa iyong Simbahan habang tuwina siyang nagsisikap maghatid ng iyong Ebanghelyo sa lahat at magbigay-saksi rito sa buhay ng kanyang mga kasapi. Manalangin tayo! B.

* Panginoong Hesus, lumagi ka nawa sa Santo Papa, aming Obispo, aming kura paroko, at kanyang mga katulong, upang sila’y maging mga lalong mabisang ministro ng iyong inspirasyon at pamamatnubay. Manalangin tayo! B.

* Panginoong Hesus, lumagi ka nawa sa aming mga pinunong pulitikal at sibil, sa aming mga hukom, mga pulis, at mga sundalo, upang mabisa nilang maitaguyod ang katarungan, kaayusan, at kapakanang panlahat. Manalangin tayo! B.

* Panginoong Hesus, lumagi ka sa aming mga doktor, nars, at lahat ng naglilingkod sa pangangalagang pangkalusugan, upang sila’y maging kasangkapan ng iyong nakagagaling na pagmamahal para sa lahat ng maysakit. Manalangin tayo! B.

* Panginoong Hesus, lumagi ka nawa sa lahat ng mga magulang upang sila’y magmahalan nang tapat at mapalaki nila ang kani-kanilang mga anak bilang mabubuting Kristiyano at tapat na mga mamamayan. Manalangin tayo! B.

* Manalangin tayo para sa ating mga pansariling kahilingan at para sa ating mga mahal sa buhay. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P–Panginoong Hesus, tulutan mong makaraos kaming maluwalhati sa lahat naming kahirapan at bumuo ng mga pamayanang nagtatampok sa pinaghaharian mo nang walang hanggan.

B–Amen!



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, itangin mo ang paghahaing ito upang ang mga nagdiriwang ay magkasalusalalo sa sinasampalatayanang dapat na asahan sa darating mong Anak na aming hinihintay sapagkat siya ang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya’y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay, sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya’y inilad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami’y nananabik at nananalangin lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Aming ipinahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B–Ama namin . . .

P–Hinihiling namin . . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinasabang

P–Ito si Hesus, ang Diyos na kasama natin, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinasabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Sabi ng anghel kay Maria:
“Tingnan mo’t magliliih ka. Ikaw ay magiging ina ng Manunubos sa sala, ngalanan mong Hesus siya.”

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, ang mga pinapagsalusalalo mo sa iyong banal na piging ay papagkamitin mo ng tunay na kapayapaan bilang kapakinabangan sa ginanap na

pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

Naniniwala kayong si Hesus ay “ang Diyos sa piling natin.” Nawa ang inyong paghahanda para sa kanyang pagdating ay magdulot sa inyo ng liwanag ng kanyang kabanalan at iadya kayo sa lahat ng masama.

B–Amen!

P–Nang dahil sa kahandaan ni Mariang tumupad sa kalooban ng Diyos, ang Salita ay nagkatawang-tao. Maging handa rin nawa kayong tumupad sa kagustuhan ng Diyos.

B–Amen!

P–Tulutan nawa ng Diyos na kayo’y maging matatag sa pananampalataya, maligaya sa pag-asa, at walang pagod sa pagmamahal sa inyong buhay.


B–Amen!

P–Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglingkuran ang Panginoon sa isa’t isa.

B–Salamat sa Diyos!



2018 Pocket Planner & Prayer Book

Kumbinyang kalendaryo, talaan ng mga gagawin, patnubay liturhiko, at aklat-dasalan

Nagtatampok sa pagdiriwang sa “Year of the Clergy and Consecrated Persons”

Mabibili na ngayon sa **Word & Life Bookstore**, mga tindahan ng mga babasahing banal, at **National Book Store**

Si Mariang Mapangarap

Kung tayo’y matunog sa pakiramdam, malulungkot tayo sa kinalabasan ng pagpapakita ng anghel Gabriel kay Zacarias sa Templo. Ang matandang halos wala nang sigla sa buhay dahil sa kanyang mga kabiguan, sa bandang huli ng pagpapakita ng anghel, ay lalo pang waring napag-isa nang bawian siya ng kakayahang makapagsalita. **Ang katandaan ay hindi lamang pagkabuhay sa loob ng marami nang taon, kundi pagkaranas din ng marami nang kabiguan kung kaya halos mawalan na ng pag-asa . . .**



ayon nang walang ano mang pasubali sa ikatutupad ng plano ng Diyos. Batid ni Mariang iyon ay nakaukit sa Kanyang walang hanggang pag-ibig kung kaya agad nagpahayag ng kanyang “AMEN.” “Ako ang lingkod ng Panginoon. Matupad nawa sa akin ang Iyong kalooban. YES na YES! NGAYON AT KAILANMAN!”

Isang di nalathalang kasulatan ang nagsasabing sa sandaling iyon, ngumiti nang buong kasiyahan ang Diyos: sa wakas, nakatagpo

Siya ng isang taong karapat-dapat na maging “kapatner” sa pagpapanibagong sigla sa sanlibutan sa pamamagitan ng pagsisilang kay Hesus, na siyang “prototype” ng bagong sangkatauhan. Kaya nga, “ang Salita ay nagkatawang-tao at nanirahang kasama natin.”

Fr. Sal Putzu, SDB

(Isinalin ni Cecilia G. Valmonte, EdD)


Mabuti’t sa mundo, ang sangkatauhan ay tuwinang nananariwa sa pamamagitan ng kabataan. **Sa bunsod ng kanilang idealismo at paghahangad ng isang lalong mabuting daigdig, ang kabataan ay ang mga “mapangarap” na tumataggi sa mga kakulanga’t kahinaan ng kanilang henerasyon.** Pangarap nila’y lalong magandang daigdig, at ang pinakamahusay sa kanila ay handang makipaglaban at magtiis matupad lamang ang kanilang pangarap.

Ito marahil ang dahilan kung bakit sa pagtupad sa Kanyang planong pangkaligtasan, hindi Siya pumili ng isa pang matandang mag-asawa – tulad ng pagpili Niya sa mga magulang ni Juan Bautista – kundi humirang Siya ng isang batang-batang dalagita: si Maria ng Nazaret.

Isang birhen at mapangarap – higit na mapangarap kaysa sinuman niyang kapanahon o sino mang batang nilalang sa ating planeta – **si Maria ay nagpakatotoong pinakaangkop na “partner” ng Diyos sa pagtupad sa napakahalagang planong magliligtas sa sangkatauhan.** Si Mariang walang bahid at mapangarap ay naglaan ng kanyang sarili sa lubos na pakikiayon sa dakilang planong ipinahayag sa kanya ng anghel Gabriel (na siya ring nagpahayag kay Zacarias). Nagtanong din siya tulad ni Zacarias. (Paghambingin Lu 1:18 at Lu 1:34.) Ngunit **kaiba sa matanda, si Maria ay naging bukas at masiglang sumunod sa plano ng Diyos para sa kanya.** Ang pagtatanong niya’y di nangahulugang di siya naniniwala sa Diyos. Bagkus, iyon ay dahil sa hangad niyang maliwanagan upang maging lalong mabisang kasangkapan sa katuparan ng plano ng Diyos.

Kaya nga, ang kanyang sagot ay hindi nag-aalangan o naghihinalang “Paano ito . . . ?” kundi **isang masiglang “Oo” na ikinatuwang labis ng Panginoon.** Sa kauna-unahang pagkakataon, pagkatapos ng napakaraming milenyo ng pagtanggap sa plano ng Diyos, sa panig ng milyun-milyong kalalakihan at kababaihan, narito ang isang babae . . . isang dalagitang puspos ng kagalakan sa pag-

Catechism of the Catholic Church (CCC) Compendium of the CCC



Ang inyong kailangan sa pag-aaral ng inyong pananampalataya at pamamahagi nito.

Mabibili sa Wikang Ingles at Filipino

May diskwento para sa maramihang order. Tumawag at umorder na sa Word & Life!



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua